Ang sinumang nagkaroon ng dalawang maybahay saka kumiling siya sa isa sa kanilang dalawa, darating siya sa Araw ng Pagbangon habang ang gilid niya ay nakakiling."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang sinumang nagkaroon ng dalawang maybahay saka kumiling siya sa isa sa kanilang dalawa, darating siya sa Araw ng Pagbangon habang ang gilid niya ay nakakiling."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, Imām An-Nasā'īy, Imām Ibnu Mājah, at Imām Aḥmad]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagkaroon ng higit sa isang maybahay saka hindi siya nagpatupad sa pagitan ng mga maybahay niya ng katarungang nakakaya gaya ng pagpapantay sa mga maybahay sa paggugol, tirahan, damit, at pagpapagabi, ang parusa sa kanya sa Araw ng Pagbangon ay na ang kalahati ng katawan niya ay maging nakakiling. Ang pagkiling nito ay isang kaparusahan sa kanya sa pang-aapi niya, kung paanong kumiling siya sa pakikitungo niya.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/58125